Public education
**Discover a world of opportunities**

KINDERGARTEN

# AGHAM: PAG-AARAL SA TAHANAN

## AGHAM SA HARDIN

**Laro sa tubig**

- Papag-isipin ang inyong anak tungkol sa kung saan nanggagaling ang tubig at kung saan ito pumupunta. Subukan niya ang kanyang mga ideya. Pintahan o wisikan niya ng tubig ang isang simentadong kalatagan at bantayan niyang mawala ang tubig. Mag-usap kayo tungkol sa kung paano natutuyo ang mga basang labada.
- Hugasan ninyo ang kotse. Ipapadama sa inyong anak ang lakas ng tubig mula sa gomang pandilig. hose. Gumawa kayo ng mga bula mula sa sabon. Magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Saan pumupunta ang tubig at dumi?*
- Ilagay ninyo ang isang dulo ng pamunas ng kamay sa tubig at iwan ninyo ang kabilang dulo sa lupa. Tingnan ninyo ang lebel ng tubig sa pinggan pagkatapos ng limang minuto at tanungin ninyo ang inyong anak ng mga tanong gaya ng: *Gaano karaming tubig ang naiwan sa pinggan?* at *Bakit nangyayari iyan?*

**Laro sa dumi at tibagan ng buhangin (sandpit)**

- Gumamit kayo ng mga lumang kagamitan sa kusina gaya ng mga salaan, kutsara, imbudo, lalagyang plastik, kubyertos at kagamitang panghardin para panghukay sa buhangin at dumi.
- Ang mga laruang nagtutulak ng lupa gaya ng mga traktora, at mga tubong yari sa plastik at mga putol ng kahoy ay tutulong sa mapanlikhang inhinyeriyang paglaro. Tulungan ninyo ang inyong anak na gumawa ng mga karsada at ng isang lungsod na may mga tulay at maluluwang at malalalim na kanal. Maghalo kayo ng mga keyk na putik at gumawa kayo ng mga ladrilyong putik para sa pagtatayo.
- Magbuhos kayo ng buhangin sa mga imbudo at tubo at punuin ninyo ang mga lalagyan.

**Laro sa Bula**

- Ang kailangan lang ninyo ay isang mabulang halo (na hindi nakakahilam ng mga mata) at isang bubble wand! Makakagawa kayo ng mga wand na may iba-ibang hugis mula sa mga panlinis ng pipa. Subukan ninyong sumalo ng mga bula. Magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Ano ang nagpapalutang ng mga bula?* at *Ano ang nagpapaputok ng mga bula?*
- Tingnan ninyo kung gaano katagal mapapanatiling lumulutang ang isang bula ng inyong anak.
- Paggawain ninyo ang inyong anak ng mga bula na gamit ang kanyang mga kamay. Ilublob niya ang kanyang kamay sa halo ng bula, ihugis bilog ang kanyang hinlalaki at daliri, at humihip sa bilog.
- Magbuhos kayo ng halo ng bula sa isang pilas na plastik. Papagalawin ninyo sa inyong anak ang halo ng bula sa paligid sa pamamagitan ng paghihip sa isang straw. Tingnan kung gaano kadaming bula ang kanyang magagawa. Subukan ninyong gumawa ng mga bula sa loob ng mga bula.



**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

Department of Education

© Department of Education, Western Australia, 2015